Providence
Providence Digital Commons

All Sepsis Education Materials | Providence Sepsis Education

2024

# Tagalog: SEPSIS Mga Dapat Mong Malaman - SEPSIS What You Need to Know

Providence

Follow this and additional works at: https://digitalcommons.providence.org/all_sepsis_education

Part of the Infectious Disease Commons

Recommended Citation
Providence, "Tagalog: SEPSIS Mga Dapat Mong Malaman - SEPSIS What You Need to Know" (2024). *All Sepsis Education Materials*. 2.
https://digitalcommons.providence.org/all_sepsis_education/2

This Infosheet is brought to you for free and open access by the Providence Sepsis Education at Providence Digital Commons. It has been accepted for inclusion in All Sepsis Education Materials by an authorized administrator of Providence Digital Commons. For more information, please contact digitalcommons@providence.org.

# SEPSIS Mga Dapat Mong Malaman

## SEPSIS What You Need to Know (Tagalog)

Sa Providence, sinusunod namin ang pinakamahusay na kaalaman sa agham sa pangangalaga sa iyo. Narito kami para tumulong. Tanungin lamang kami ng anumang bagay tungkol sa pangangalaga sa iyo.

### Ano ang Sepsis?

Ang sepsis ay isang malubhang kundisyon na sanhi ng impeksyon. Sobra kung minsan ang reaksyon ng katawan dahil nilalabanan nito ang impeksyon. Maaaring makapinsala ang sobrang reaksyon ng katawan sa mga organ na tulad ng mga bato o baga.

Hindi lahat ng impeksyon ay nauuwi sa sepsis. Gayunman, kapag hindi nagagamot ang impeksyon, maaaring pumasok ang bakterya sa daluyan ng dugo at magsanhi ng lubhang nakapipinsalang reaksyon. Kapag hindi nagamot ang sepsis, maaari itong magsanhi ng pagpalya ng organ o pagkamatay.

### Mga Karaniwang Pinagmumulan ng Impeksyon:

- Pulmonya
- Mga impeksyon sa daluyan ng ihi
- Mga sugat
- Mga impeksyon sa tiyan kabilang na ang apendisitis o diverculitis

### Sino ang May Peligrong Magkaroon ng Sepsis?

Kahit may peligro ang sinumang may impeksyon na magkaroon ng sepsis, mas malaki ang peligro ng mga sumusunod na grupo:

- Mas matatandang pasyente
- Mga pasyenteng may sakit sa bato, atay, o talamak na sakit sa baga
- Mga pasyenteng may kanser o mahina ang mga immune system
- Mga pasyenteng inoperahan kamakailan
- Mga pasyenteng may nakakabit na mga medical device sa katawan, tulad ng mga catheter o artipisyal na mga kasu-kasuan

| Paggaling mula sa Sepsis | | | |
|---|---|---|---|
| | **Sepsis** | **Sepsis na May Pinsala sa Organ** | **Sepsis sa ICU** |
| **Karaniwang Pamamalagi sa Ospital** | 3-4 na Araw | 4–5 Araw | 10-12 Araw |
| **Pangangalaga Paglabas ng Ospital** | Nagpapagaling ang karamihan sa bahay | 30% ang nangangailangan ng pasilidad na bihasa sa pag-aalaga | 50% ang nangangailangan ng pasilidad na bihasa sa pag-aalaga |

## Paggamot sa Iyong Sepsis

Lahat ng pasyenteng may sepsis ay tatanggap ng mga IV fluid, antibiotic, at mga pagsusuri para malaman at magamot ang impeksyon. Para sa malulubhang kaso, maaaring magbigay ng life support.

- Susubaybayan kang mabuti ng iyong team.
- Kakausapin ka namin at ang mga mahal mo sa buhay tungkol sa life support tulad ng makinang makakatulong sa paghinga kung kinakailangan.
- Kahit napakahusay ng pangangalaga, hindi gumagaling ang ilang pasyente mula sa sepsis.  Para sa mga pasyenteng ito, nagtutuon kami sa paggamot sa mga sintomas. Nagbibigay kami ng suporta para mabawasan ang paghihirap at mapaganda ang kalidad ng buhay.

## Pakikipag-usap sa Team na Nag-aalaga sa Iyo

Layon naming makisali ang mga pasyente at mahal nila sa buhay sa pagpili sa pangangalaga. Tutulungan ka naming malaman kung ano ang aasahan habang nasa ospital ka at paglabas mo ng ospital. Malugod naming inaanyayahan ang mga pasyente at mahal nila sa buhay na:

- Tukuyin ang tagapagsalita ng pamilya/power of attorney para sa pangangalaga sa kalusugan.
- Suriin ang impormasyon sa Paunang Direktiba at/o mga layon ng pangangalaga.
- Hilinging makausap ang team na nag-aalaga sa iyo kabilang na ang doktor, namamahala sa pangangalaga, pangangalaga para guminhawa, at iba pa.

## Ang Daan Tungo sa Iyong Paggaling

Paglabas mo ng ospital, patuloy kang magpapagaling sa ibang pasilidad o sa bahay. Makikipagtulungan sa mga pasyente at pamilya nila ang mga nagpaplano sa paglabas ng ospital at namamahala sa pangangalaga para mag-coordinate ng maayos na paglipat mula sa ospital.

- Ubusin ang lahat ng iyong antibiotic, kahit gumanda na ang pakiramdam mo.
- Para muling lumakas, manatiling aktibo kahit na hindi maganda ang pakiramdam mo. Mahalagang bumangon mula sa kama.
- Maaaring hindi pa bumabalik sa dati ang pakiramdam mo paglabas mo ng ospital. Patuloy kang magpapagaling sa bahay at kakailanganin mo ng suporta.
- Maaaring abutin ng ilang linggo o buwan pa para gumaling ka. Tinatawag namin itong post-sepsis syndrome.
- Magpatingin sa iyong primary care provider sa loob ng 1–2 linggo paglabas mo ng ospital.

## Mga Sanggunian para sa Sepsis

Para sa pangkalahatang impormasyong tungkol sa sepsis, bisitahin ang: Sepsis Alliance sa www.sepsisalliance.org

**Video:**
**What is Sepsis?**

What is Sepsis on Vimeo
https://vimeo.com/929673265/06a4e3723f?share=copy

SCAN ME

**Video:**
**Recovering from Sepsis**

Recovering from Sepsis on Vimeo
https://vimeo.com/929677436/7502be26f7?share=copy

SCAN ME

Providence